Ang Kailangan Mo para Malaman ang Tungkol sa Senso

Bawat 10 taon, sinasagutan ng mga tao sa buong bansa at sa California ang Senso upang magkaroon ng tumpak na bilang ng lahat ng tao sa United States. Ibinabatay sa Senso ang pagpopondong pederal ng California para sa mahahalagang serbisyo sa komunidad na tumutulong sa pagsuporta sa ating mga pamilya at patas na representasyon sa California at Washington D.C.

Sa Tagsibol ng 2020 ang susunod na Senso. Tiyakin natin na bilang ang lahat ng mga taga-California upang magamit natin sa mabuti ang mga yamang iyon sa tahanan natin!

Mga Pangunahing Petsa ng Senso

Simula sa gitnang bahagi ng Marso 2020, makakakuha ang bawat sambahayan ng isang sulat sa koreo. Ipapaliwanag nito ang iba't ibang paraan na masasagutan mo ang Senso. Kung hindi ka makatanggap ng isang sulat, maaari ka pa ring mag-online o tumawag para sagutan ito. Tiyaking maibibilang mo ang sinumang taong naninirahan sa iyong sambahayan, kapamilya man o hindi.

Marso 12–20	**Ipapadala sa pamamagitan ng koreo ang mga imbitasyon para sa 2020 Senso**
Marso 16–24	**Ipapadala ang mga sulat ng paalala**
Marso 26–Abril 3	**Ipapadala ang postkard ng paalala**
Abril 1	**ARAW NG SENSO!**
Abril 8–16	**Ipapadala ang ikalawang paalala at pisikal na kopya ng Senso**
Abril 20–27	**Ipapadala ang huling mga postkard bago ang personal na pag-follow-up**

Bakit Dapat Magpatala Sa Senso Ang Lahat Ng Taga-Californias

The Census is safe, protected and confidential. The Census helps determine how much money California receives for important programs and services. When you fill out the Census, you help your community get its fair share of money.

MAGTAYO NG MAS MAAYOS NA MGA KALSADA AT PAARALAN

PONDOHAN ANG MGA PANGKOMUNIDAD NA PROGRAMA PARA SA MGA NAKATATANDA, BATA AT PAMILYA

LUMIKHA NG MGA TRABAHO

MAPABUTI ANG PABAHAY

Hindi maaaring ibahagi ang impormasyong kinolekta bilang bahagi ng 2020 Senso ng ibang mga ahensiya ng pamahalaan o gamitin laban sa iyo sa anumang paraan. Ang California ay naiiba at magkakaiba. Kabilang ang LAHAT ng mga taga-California. Sagutan ang Senso.

Paano Kumpletuhin

Kinakailangang sagutan ng bawat tao sa bansa ang form ng 2020 Senso. Sa kabutihang palad, mayroon kang tatlong paraan para tumugon.

KOREO: Humiling ng isang form ng Senso na nasa papel sa wikang Ingles o Espanyol na maaaring ipadala pabalik sa Kawanihan ng Senso ng U.S.

PHONE: Maaaring kumpletuhin ang Senso sa pamamagitan ng telepono sa 13 wika.

TELEPONO: Sa unang pagkakataon, magiging available ang form ng Senso para kumpletuhin nang online sa 13 wika.

Magiging available din ang mga video at naka-print na gabay sa 59 na wikang hindi Ingles, at magkakaroon din ng isang video na nasa American Sign Language, at ang isang naka-print na gabay na nasa braille. Alinman ang piliin mo, tiyakin lamang na iyong sasagutan ang form!